
**VOLUME 1**
FILIPINO VERSION

ISBN 978-621-96274-0-5


# MAGKATUWANG TAYO SA EAFM


## ENGENDERING FISHERIES MANAGEMENT




Inilalarawan ng komiks na ito kung paanong aktibong nakikilahok sa pamamahala ng pangingisda sa pamamagitan ng EAFM ang mga mangingisda sa General Santos City at Sarangani Bay area, sa Pilipinas. Ang kababaihan at kalalakihan ay magkatuwang palagi sa paggawa ng mga desisyon at pagpatupad ng mga program. Ang pagpupulong sa anumang pagkakataon ay pangunahing lugar para sa paglilikom ng mga ideya at kasunduan para sa pagpapalaganap ng industriya ng pangingisda at ang epekto sa araw-araw na pamumuhay ng mga mangingisda at mga pamilyang umaasa sa panigingisda.



Mga kumpare, sama kayo! Punta tayo sa barangay assembly.
Magandang umaga sa inyo. Salamat sa inyong pagdalo. Napakahalaga po ang pag-uusapan natin. Eto ay hinggil sa ating pangkabuhayan.
Sa pangingisda nanggagaling ang ating pangkabuhayan, di ba? Nakakaranas ba kayo na kumukonti ang ating huling isda kahit mas matagal tayo sa laot?
Tama yan, Kap.
Kaming mga maliliit na mangingisda ay nahihirapan kasi meron mga malalaking barko na nangingisda rin sa tabing dagat o tinatawag natin na municipal waters. Mukhang inuubos nila ang mga isda na para sana sa aming mga maliliit...
Sinisira pa nila ang ating mga yamang dagat na binabahayan ng mga isda.
Ang pag-aagawan sa kumukonting isda sa karagatan ay nangyayari din sa amin mismo na mga maliliit na mangingisda.
Ang isa pang problema sa pangkabuhayan ay kung paano inaalagaan ang ating mga yamang dagat.
Ang dinig ko meron mga plano dito, pero hindi lang naman tayo tinanong kung anu-ano ang ating mga pananaw, mga saloobin at mga adhikain.



Kailangan kasama dyan ang mga kababaihan sa mga ano mang usapin. Sa pangingisda din nabubuhay sila at ang kanilang mga pamilya.
MARINE PROTECTED AREA
Totoong totoo yan. Meron isang lugar na ginawang Marine Protected Area (MPA). Hindi raw pwedeng mangisda doon. Paano na mabubuhay ang pamilya ko kung hindi ako pwedeng manghuli ng isda sa MPA?
MPA
Kailangan natin ang MPA. Ganito kasi yun...
Lalong wala tayong mahuhuling mga isda at walang maipapakain sa ating mga pamilya kung tuluyang masisira ang mga bahay ng mga isda, at kung hindi nating alagaan ang mga yamang dagat ngayon?
Tanungin natin ang ating mga sarili. Ano ang ginagawa natin para mapangalagaan ang ating karagatan at yamang dagat?
Ang iba sa atin, mga ilegal ang pamamaraan sa pangingisda.
Kailangan natin, sabay-sabay at tulong-tulong na mag-isip ng mga paraan,
Para mapangalagaan ang ating yamang dagat.
Oy, oy, oy..... baka nakakalimutan nyo kaming mga kababaihan. Kasama nyo rin kami sa industriya ng pangingisda. Kami yung nagbebenta ng inyong mga huling isda, kami ang gumagawa ng kung anu-anong kakanin gawa ng isda, at sumasama din yung ibang kababaihan sa laot.


Kaya, kailangan din ay mapakinggan nyo kami. Kasangga at kapartner nyo kami.
COURSE OF ACTION
Sa paghahanda at pagpapatupad ng anumang aksyon upang mapabuti ang sektor ng pangisdaan
WOMEN'S LIVELIHOOD
Ang epekto ng anumang desisyon o aksyon sa kabuhayan ng kababaihan
INCOME
Ang kakayahang magbigay ng kita para sa aming pamilya ay dapat isaalang-alang
Sang-ayon ako dyan.
Sang-ayon ako dyan. Ang tinig, pananaw at kaisipan ng mga kababaihan ay makakabigay ng karagdagang kaalaman tungo sa pagpapalago ng industriya ng pangingisda.
Kap, tumutunog ang cellphone mo. Sagutin mo at baka magandang balita yan.
RING RING RING
Hello, Magandang umaga Mayor! Opo, Ma'am... Punta po kami dyan bukas...
Salamat Mayor....
Meron bang magandang balita, Kap?
Malugod tayong iniimbitahan ni Mayor sa isang pagpupulong hinggil sa pagpapalago ng industriya ng pangingisda. Tamang-tama sa ating pinag-uusapan ngayon. Kita-kita tayo bukas, okay.




1968
Magandang umaga sa lahat. Salamat sa pagpapaunlak ninyo sa aming imbitasyon sa pagpupulong ngayong araw.
Nasa kaalaman natin lahat ang mga problemang hinaharap natin sa industriya. Merong gumagamit pa rin ng ilegal na pamamaraan, merong nangingisda sa MPA, at iba pa. Ito ay nakakaapekto sa ating lahat, pati na yung mga matutuwid ang ginagawa.
Andito ngayon si Gemma, isang exporter dito sa GenSan para maipamahagi yung kanyang kaaalaman hinggil sa pangangalaga ng ating karagatan at yamang dagat na kung tawagin ay Ecosystems Approach to Fisheries Management (EAFM).
Si Gemma ay isa ring gender champion. Kanyang itinataguyod yung kahalagahan ng kababaihan na isama sa usaping pangingisda
Magandang GenSan.
Wow GenSan! Home of the Champions!
Isa akong exporter at kailangan kong makipag-ugnayan palagi sa mga mangingisda, sa mga processor at sa iba pang mga mangangalakal para lahat-lahat ay matulungan sa pagpapalago ng buong industriya.
Kung hindi tayo magkakaisa, hindi tayo aasenso. Halimbawa, kung ilegal ang pagkahuli ng isda, hindi ko yan maibenta sa labas ng bansa. Hindi ako bibili sa ating mangingisda, kaya paano tayo aasenso?
Kung hindi maganda ang pagkakaproseso ng ating mga isda, at hindi ito naaayon sa mga pangangailangan at regulasyon ng ibang bansa, hindi ako bibili mula sa ating local na processors. Kaya paano tayo uunlad?
EAFM
Ito ay mga halimbawa, kung bakit kailangan nating matutunan ang EAFM, kung ano ang responsibilidad ng bawat isa, kasama ang mga kababaihan, para lahat tayo ay makinabang mula sa malusog na karagatan.



Sang-ayon po kaming mga kababaihan. Kailangan kasama kami sa EAFM.
Narinig ko na ang EAFM pero hindi ko pa naiintindihan ng buo.
Ang EAFM ay isinusulong natin na pamamaraan para masiguro na mayroon pa ring maraming isda na mahuhuli ang ating mga anak sa susunod na mga taon.
EAFM
Para makamtan natin itong kinabukasan, ano ang gagawin natin ngayon?
GOOD GOVERNANCE
ECOLOGICAL WELL-BEING
HUMAN WELL-BEING
FUTURE GENERATIONS
Kailangan natin maintindihan ang pagkaka ugnay-ugnay ng tao, ng kapaligiran, at ang tamang pamamahala.
Tama... tayo ay gumagamit ng ating kapaligiran para tayo ay mabuhay. Huwag natin sirain ang ating likas yaman.
Ano ang ating gagawin na habang ginagamit natin ang ating likas yaman ngayon, hindi siya mauubos. Paano yun? Parami ng parami ang ating pangangailangan?



GOOD GOVERNANCE
Tamang pamamahala, na kung tawagin ay "good governance."
Ano ang ibig sabihin ng tamang pamamahala ng ating likas yaman?
PARTICIPATE IN DECISION-MAKING
DISCUSS AND AGREE ON BENEFITS
BE INFORMED OF OWN RIGHTS
Isang palatandaan ay ang pagkakaroon ng kaalaman kung anong likas yaman ang mayroon tayo at huwag natin abusuhin ang paggamit nito.
Pangalawa, pag-uusapan nating lahat ang dapat alalahanin sa pag-aalaga ng yamang dagat.
GOOD GOVERNANCE
At, bibigyan tayo ng kaalaman tungkol sa atingmga karapatan.
PROTECT
Pangatlo, lahat ay kalahok sa mga desisyon na gagawin dahil lahat tayo ay may pana-
At may benepisyo din naman na makakamtan sa tamang pamamahala.
Kailangan natin ang isa't isa...
Bilang responsableng tagapangalaga ng likas yaman, iwasan natin ang ilegal na pangingisda. Hindi dahil takot tayo kay Mayor at sa parusa kung sakali mahuli tayo, pero dahil wagas sa puso at kalooban natin ang pagpapalago ng ating karagatan.



Kaming mga kababaihan ay tutulong bilang bantay-dagat. Hindi kami matatakot na magsumbong sa mga kinauukulan ng anumang ilegal at hindi ligtas na pangingisda.


Marami pa kaming magagawa maliban sa pagiging bantay-dagat. Ang boses ng kababaihan ay kakailanganin sa pagplaplano, pagpapatupad at pagsubaybay sa EAFM.


Natutuwa ako sa inyong lahat. Sa pamumuno ni Kapitan, tiyak na ang responsableng pangangalaga ng karagatan at likas yaman ay maisasakatuparan.
Sa ano pang paraan pwede makatulong ang kababaihan?


NEEDS ATTENTION!
Una sa lahat, kasi ang kababaihan ay lubos na nakakaalam ng baybayin natin at ang mga manggagawa na nakasalalay dito,
NEEDS ATTENTION!
COASTAL AREA
Pwede nila mahikayat lahat na makiisa sa EAFM.


DEVELOPMENT
EAFM PLAN
IMPLEMENTATION
Maaring hindi nyo pa alam, pero kasama po ako sa Management Board ng Fisheries Management Area No. 2 kung saan kasali ang Saranggani Bay. Bilang bahagi ng Board, at bilang isang babae, lubos kong sinisiguro na ang EAFM Plan ay "engendered" para ang mga layunin ng mg kababaihan ay maisama sa EAFM Plan.


MONITORING
EVALUATING
EAFM IMPLEMENTATION
Ini-imbitahan ko po kayo na makibahagi sa mga pulong tukoy sa EAFM. Tulong-tulong natin gawin ang EAFM plan upang masiguro na ang pananaw, misyon, layunin, at mga indicator ay angkop para sa mga babae at lalaki.
Kailangan pong kasama ang mga babae sa EAFM plan upang ang ating mga pangangailangan, kagustuhan at pahayag ay maisama sa plano. Ang mga kababaihan ay ianaasahan din nating magbahagi ng kanilang mungkahi kung paano tayo makatugon sa mga masamang epekto sa pangingisda dahil sa mga pagbabago ng panahon.
Kinikilala namin na ang mga kababaihan at kalalakihan ay magkatuwang dito sa industriya ng pangingisda. Maiba ako, ano ang makakamit natin kung tayong lahat ay tutulong na ipatupad ang EAFM?
Sa EAFM mahalaga dito ang pagiging bahagi at kasangkot ng lahat-lahat sa pangangalaga sa karagatan at iba pang likas yaman.
Sa ganitong paraan, walang maiiwan sa pag-unlad. Lahat ay mapapakinggan, malulutas natin ang kahit anong maliit na isyu ng isa o dalawa lang sa atin. Magkakaisa tayo, may malasakit tayo sa isa't isa.
Pare-pareho yung ating adhikain kung kaya't lahat ay may taya sa kinabukasan ng industriya ng pangingisda.
GOALS
DIRECTION
ALIGNMENT
EVERYONE
FUTURE GENERATIONS
Kung hindi natin gawin ang tamang pamamahala ngayon, lahat tayo ay dapat sisihin ng ating mga anak at apo sa susunod na mga taon.


Magandang inspirasyon ang sinabi mo, Ms Gemma. Lahat tayo ay pwedeng mangarap ng masaganang pangingisda. Tataas ang kita ng lahat at malulutasan at matatapos itong kahirapan natin.
Ako rin ay nabigyan ninyo ng inspirasyon. Mas marami pang kababaihan ang mabibigyan ng pangkabuhayan, at lalawak pa ang puwang sa pangingisda na dati pinamamahalaan ng mga lalaki. Hindi lang kami para sa bahay lamang.
Salamat, Ms. Gemma, sa inyong pagpapaliwanag tungkol sa EAFM. Ngayon na naiintindihan na ng lahat ang kahalagahan, ang kanilang tungkulin, at ang maidudulot nitong benepisyo, siguradong maluwag na tatanggapin ang EAFM.
END

This publication was prepared by WINFISH as an output of the gender intervention project conducted in General Santos City and Sarangani Bay Area, Philippines.

**AUTHORS:**

**Dr. Marieta B. Sumagaysay,** (UP Visayas Tacloban College)

**Dr. Rowena Paz L. Gelvezon,** (UP Visayas – College of Management)

**Dr. Harold M. Monteclaro,** (UP Visayas – College of Fisheries and Ocean Sciences)

**Dr. Rosario H. Asong** (National Gender Resource Pool – Philippine Commission on Women)

**Ms. Mary Jane J. Castromayor,** (GR003 Research Associate, WINFISH)

**Ms. Gaily Jubie S. Hontiveros,** (Mindanao State University –General Santos, College of Fisheries)

**Ms. Ellan Joy T. Mandario,** (Mindanao State University –General Santos, College of Fisheries)

**Ms. Nicole Niña G. Chavez,** (Mindanao State University –General Santos, College of Fisheries)

**CREATIVES:**

**Ms. Karen Alinor J. Dumpit,** (WVSU - College of Information & Communications Technology)

**Mr. Ark Marion S. Jardeleza,** (Mulave Studios, *hello@mulavestudios.com)

For queries, please contact:

genderinfisheries@gmail.com
womeninfisheriesphil@gmail.com

(033) 509-0980

Gender and Development Program Building
University of the Philippines Visayas
General Luna Street, Iloilo City

THE NATIONAL NETWORK ON WOMEN IN FISHERIES IN THE PHILIPPINES, INC. (WINFISH)

Published by
The National Network on Women in Fisheries in the Philippines, Inc. (WINFISH) 2020